Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 17
## Week 9: Pag-iingat na Dapat Gawin Kung Mag-aalaga ng Hayop (Agrikultura)



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 17: Pag-iingat na Dapat Gawin Kung Mag-aalaga ng Hayop
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Princes Grace V. Torda |
| **Editor:** | Ronald I. Flores, HT-1 |
| **Reviewers:** | Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE<br>Susan C. Sabacajan<br>Rocelyn G. Garcesa |
| **Illustrator:** | Juniver Kris B. Jimeno |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso<br>Israel C. Adrigado |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>Schools Division Superintendent |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP/TLE/TVL<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Zaldy G. Ampong, PSDS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 17:

## Week 9: Pag-iingat na Dapat Gawin Kung Mag-aalaga ng Hayop

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda ta sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

*Ang Modyul na ito ay inilahad upang maibahagi sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng pag-iingat sa mga hayop na aalagaan sa ating tahanan.*

*Sa araling ito, lubos na binigyang-pansin ang kahalagahan ng pang-unawa sa pag-aalaga ng mga hayop bilang mapagkakakitaang gawain at maging tulong sa pag-unlad ng pamumuhay.*

*Inaasahan ang mga guro na ipaunawa ng maigi ang modyul na ito at gabayan ang mga mag-aaral sa bawat panuto at gawing kawili-wili at makabuluhan ang bawat pahina sa pagsagot at makapagbigay ng magandang aral sa bawat isa.*



***Mga tala para sa Guro***

- Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa, pag-unawa at pagpapahalaga.

- Ipaunawa ang bawat panuto upang lubos na maintindihan ang bawat gawain.



## *Alamin*

Mga layunin sa pagkatuto:

1. Naipapamalas ang pag-unawa sa panimulang kaalaman at kasanayan sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan at ang maitutulong nito sa pag-unlad ng pamumuhay.

2. Naitatala ang mga pag-iingat na dapat gawin kung mag-aalaga ng hayop.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.


- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.

- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

- Isapuso ang mga natutunan at gamitin ang kaalaman sa totoong buhay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | KaragAdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto: TAMA o MALI**. Basahin at unawaing mabuti. Isulat ang **TAMA** sa patlang kung ang isinasaad sa pangungusap ay tamang pag-iingat at isulat ang **MALI** kung ito ay mali.

_____1. Dapat ay pagala-gala ang aso sa kalye.

_____2. Linisin ang kulungan ng hayop araw-araw.

_____3. Itapon sa sapa ang patay na hayop.

_____4. Itali ang aso upang  hindi mangangagat.

_____5. Painumin ng paracetamol ang aso na may sakit.

_____6. Maghugas ng kamay pagkatapos asikasuhin ang hayop.

_____7. Ibaon ang patay na hayop sa bakanteng lote.

_____8. Ilagay sa kulungan ang aso.

_____9. Dalhin sa doktor ang hayop na may sakit.

_____10. Linisin ng tubig ang kulungan ng hayop.

| Aralin 1 | Pag-iingat na Dapat Gawin Kung Mag-aalaga ng Hayop |
|---|---|

# Aralin 1: Pag-iingat na Dapat Gawin Kung Mag-aalaga ng Hayop

Sa araling ito malalaman natin ang mga pag-iingat na dapat sundin at isagawa kung tayo ay nag-aalaga ng hayop sa bahay.



## *Balikan*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa kaliwa ng bawat bilang.

1. Anong kaso ang maaaring harapin ng taong mahuhuling nananakit ng mga hayop?
   a. Paglabag sa *Animal Welfare Act*
   *b.* Paglabag sa *Animal Rights Policy*
   *c.* Paglabag sa *Animal Protection Law*

2. Alin sa sumusunod ang dapat gawin na pag-aalaga ng aso?
   a. Bigyan ng pagkain sa tamang oras
   b. Hayaan na pagala-gala sa kalye
   c. Paluin ng patpat kapag ito ay kumakahol

3. Ito ang unang batas na nagtadhana sa makataong pangangalaga ng hayop na mas kilalang *Animal Welfare Act.*
   a. RA 8485
   b. RA 10631
   *c. House Bill 914*


4. May karampatang parusa ang paggawa ng mga *crush video* at ang pamamahagi nito sa anumang *medium* na maaaring gamitin.
   a. Meron
   b. Wala
   c. Maaari

## *Tuklasin*

**Panuto:** Tingnang mabuti ang larawan A at B. Basahing mabuti ang mga katanungan sa ibaba at sagutin. Ilagay ang sagot sa patlang na nakalaan.



A



B

1. Ano ang nakikita ninyo sa larawan?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paano mo paghahambingin ang dalawang larawan?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano sa palagay mo ang mangyayari sa asong pagala-gala?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Alin sa dalawang aso ang madaling alagaan?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Alin sa dalawa ang magiging malusog at kapaki-pakinabang?

_______________________________________________

_______________________________________________

**Basahin**

Maraming bagay ang dapat nating isaalang-alang sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan. Ang mga ito ay kailangan upang makaiwas sa anumang sakuna na maaaring mangyari sa atin at para na rin sa kalusugan ng mga hayop na ating aalagaan. Sa ganitong paraan, magdudulot ito ng magandang samahan ng alagang hayop at tagapag-alaga.

Ilan sa mga bagay na dapat nating isaalang-alang ay ang mga sumusunod:

a. Nararapat lang na may angkop na kulungan ang ating aso. Ito ay para hindi sila pagala-gala sa kalye at maiwasang makakagat ng mga tao.

b. Dapat din nating pananatilihing malinis ang kulungan sa pamamagitan ng paghugas ng mga gamit ng malinis na tubig at alisin ang mga dumi.

c. Maghugas din tayo ng kamay matapos mag-asikaso ng alaga.

d. Mainam na dalhin sa doctor o *veterinarian* kung may iniindang sakit ang ating alagang hayop. Iwasan natin ang pagpapainom ng anumang gamot na hindi nirereseta ng doctor dahil maaari itong makasama sa alaga.


e. Kailangang ibaon ang patay na hayop sa bakanteng lote. Huwag itong itapon sa kalsada, sa ilog o sa dagat. Maliban sa ito ay nakakasama, labag pa ito sa batas.

Ang pag-aalaga ng hayop sa tahanan ay isang kawili-wili at kapaki-pakinabang na gawain. Maraming kabutihang dulot ang naibibigay ng mga ito. Maaari ding maging mabuting kasama natin sila sa bahay. Ang ibang alaga katulad ng aso ay nahahawakan upang paliguan o isama sa mga lakad natin. Ngunit dapat maging maingat sa pag-aalaga ng hayop at isipin ang kanilang kalusugan.



## *Suriin*

**Panuto:** Ilagay ang kaukulang gawain sa hanay sa ilalim ng larawan.













## *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong at sagutin.

1. Paano maiiwasan ang paggala-gala na alagang hayop lalo na sa kalye?

2. Ano ang gagawin upang mapanatiling malinis at ligtas ang mga kulungan ng alagang hayop?

3. Paano masusuri ang kalagayan at kalusugan ng mga alagang hayop?

4. Ano ang gagawin kung may namatay na hayop sa loob ng kulungan?

5. Paano magiging maingat sa sarili upang maging ligtas sa pag-aalaga ng hayop?



## ***Isaisip***

Kailangan ng pag-iingat sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan upang makaiwas sa anumang sakuna na maaaring mangyari sa atin. Ingatan din ang kanilang kalusugan upang patuloy na magbigay sila ng aliw at pakinabang. Sa ganitong paraan, magdudulot ng magandang samahan ang alagang hayop at tagapag-alaga.

**Panuto:** Itala ang mga pag-iingat na dapat gawin sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan.

1. Kulungan ng aso

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Hayop na maysakit

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Patay na hayop


   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Asong pagala-gala sa kalye

   ______________________________________________

   ______________________________________________



## ***Isagawa***

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit dapat nasa kulungan ang aso?
   a. para hindi makapangagat ng ibang tao
   b. upang hindi pagalagala sa kalye
   c. lahat ng nabanggit

2. Paano mapapanatiling malinis ang kulungan?
   a. Linisin ng malinis na tubig at alisin ang dumi
   b. Takpan ng makapal na tela ang kulungan
   c. Wala sa nabanggit

3. Ano ang gagawin sa mga hayop na may sakit?
   a. Pabayaan lang hanggang mamatay
   b. Painumin ng paracetamol
   c. Dalhin sa doctor o *veterinarian*

4. Ano ang dapat gawin sa  patay na hayop?
   a. Ilagay sa gilid ng kalsada.
   b. Ilagay sa  sako at itapon sa *Pulangui River.*
   c. Ibaon ang patay na hayop sa bakanteng lote.

5. Kailangan bang maghugas ng kamay pagkatapos asikasuhin ang mga alagang hayop?
   a. Oo
   b. Hindi
   c. Oo, pagkatapos kong kumain



## *Tayahin*

**Panuto: TAMA o MALI**. Basahin at unawaing mabuti. Isulat ang **TAMA** sa patlang kung ang isinasaad sa pangungusap ay tamang pag-iingat at isulat ang **MALI** kung ito ay mali.

_____1. Dalhin sa doktor ang hayop na may sakit.

_____2. Painumin ng paracetamol ang aso na may sakit.

_____3. Itapon sa sapa ang patay na hayop.

_____4. Linisin ng tubig ang kulungan ng hayop.

_____5. Ibaon ang patay na hayop sa bakanteng lote.

_____6. Maghugas ng kamay pagkatapos asikasuhin ang hayop.

_____7. Linisin ang kulungan ng hayop araw-araw.

_____8. Ilagay sa kulungan ang aso.

_____9. Hayaan na lang ang aso na pagala-gala sa kalye.

_____10. Itali ang aso upang  hindi mangangagat.

## ***Answer Key***

| Tayahin | Isagawa | Balikan | Subukin |
|---|---|---|---|
| 1. Tama | 1. C | 1. A | 1. Mali |
| 2. Mali | 2. A | 2. B | 2. Tama |
| 3. Mali | 3. C | 3. A | 3. Mali |
| 4. Tama | 4. C | 4. A | 4. Tama |
| 5.Tama | 5. A | | 5. Mali |
| 6. Tama | | | 6. Tama |
| 7. Tama | | | 7. Tama |
| 8. Tama | | | 8. Tama |
| 9. Mali | | | 9. Tama |
| 10. Tama | | | 10. Tama |

***Sanggunian:***

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4- Kagamitan ng Mag-aaral pp. 442 - 446 Vibal Group, Inc.

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4- Gabay sa Pagtuturo pp. 200 - 204 Vibal Group, Inc

DepEd Valencia City DLP pp. 139 - 141 Quarter 1

Department of Education. Most Essential Learning Competencies (MELC) 2020

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615